

Sulo kan Pakikibaka

Ulrat mula sa Romulo Jallores Command

Hunyo | 2021

Mga Panayam sa mga Pulang Kumander sa Kabikulan

Ispesyal na Edisyon

Nananalaytay sa lahat ng elemento ng rebolusyonaryong kilusan ang siyentipiko at makauring paninindigang gumagabay sa kanilang bawat gawi - mula sa bagong henerasyon ng mga Partidista hanggang sa mga pinakamatatag na kadre ng rebolusyon. Ang mahusay na pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ay nasasalamina sa mulat at mahigpit na pagtalima ng Bagong Hukbong Bayan sa linyang masa, disiplinang bakal at mga prinsipyo ng pakikidigmang gerilya. Tunghayan ang ilang matitingkad na karanasan sa pakikibaka ng mga Pulang Kumander ng BHB sa Kabikulan.

Ka Nario

Mula sa masa, tungo sa masa

Ito ay panayam kay Ka Nario, isang pulang kumander sa isa sa mga prubinsya ng Bicol, tungkol sa kanyang mga karanasan sa pagpapalano at pagsasagawa ng mga taktikal na opensibang nagbibigay ng pinakamataas na pagpapahalaga sa kaligtasan at kapakanan ng masa.

Pagbati Ka Nario! Maaari mo bang ikwento sa amin kung paano nagpapalano ng aksyong militar ang NPA?

Magandang araw, kasama! Nagsisimula iyan sa pagpapalano ng nakatataas na Operational Command ng NPA. Ito ang organong nagtatakda ng direksyon ng mga kampanyang militar sa isang takdang panahon. Kapag sinabing magkakaroon ng *military campaign, all around* 'yan. Hindi lang TO, pati 'yung rebolusyonaryong gawain ng mga nakapalibot na yunit bago, habang at matapos ang isang partikular na TO. Tapos ang saklaw niyan ay ang buong *area of responsibility* ng mga kasama.

Batay sa planong ito, magdidisenyo ang mga prubinsya ng kakayaning opensiba sa loob ng panahong saklaw ng kampanya. Pinag-uusapan dito ang mga target ng aksyon, ang mga yunit ng NPA na magsasagawa ng naturan hanggang sa mga pangkabuuhan lohistikang kakailanganin. Kapag may pangkabuuhan diseno na, sisimulan

nang buuhin ang mga rekisitos. Papalamnan na ng mga detalye at ipapartikularisa ang pagkumpleto sa mga kinakailangan batay sa disenyo at tipo ng TO. Halimbawa, kung ambus ba 'yan o reyd o haras. Isang bahagi ng pagpapalano ang pagkilala sa target at pagkuha ng mahahalagang impormasyong may kaugnayan sa kanila. Syempre pa, importante



ring makapagsimula na ang paghahanda ng mga kasama at mga kagamitang militar. Kanya-kanyang toka na 'yan.

Sa usapin ng paghahanda ng mga kagamitang militar, tinitiyak natin na ang lahat ng kagamitan at armas natin ay siguradong gagana sa panahon ng labanan. Pinapamilyarisa ang mga kasama sa *dynamics* ng kanilang mga hahawakang armas. Pinaghahandaan din kung sakaling magkaroon ng mga hindi inaasahang pangyayari. Kasama na 'yan sa *scenario building*.

Sa mga kasama naman, una sa lahat, pinapatupad natin ang demokrasya sa usaping militar. Kaya tinatanong muna natin sila kung handa ba silang sumama sa TO. Kung mayroong tumanggi, kahit na nasa inisyal na siyang tinayang sasama, maaaring palitan na lang natin ng iba pang tauhan at ilalagay na lang natin siya sa trabahong mas kakayanin niyang angkupan. Pero bihira mangyari 'yan (*tawa*). 'Yung buong tropang nakakasa para sa TO – *assault, blocking, rear, reserve* – lahat 'yan sila ay ihinahanda sa usaping pisikal, mental, at syempre pulitikal. Dapat malinaw sa kanila bakit ilulunsad ang TO na 'yun. Pinapakilala ang mga target, ano ba ang kanilang mga krimen sa mamamayan, ano ba ang layunin ng TO. Mga ganyang bagay.

Kasabay din sa usaping pulitikal, nagbibigay tayo ng mga pampulitikang pag-aaral at talakayan para higit pang maunawaan ng mga kasama ang kahalagahan ng TO. Gumagawa ang mga katipunan ng mga Political Officer ng plano para sa pulitika. Pagkatapos, ihahapag na ito sa mga pulong ng yunit kumand para mapagkaisahan. Sa ganitong paraan, natitiyak nating mahigpit ang tangan ng bawat elemento sa mulat at makauring disiplinang ipinatutupad ng Partido. Ilan sa mga kadalasan naming pinag-aaralan, 'yung Batas at Hustisya para alam ng mga elemento ang mga batas ng digma, kung ano ang bawal at ano ang pwede, paano makitungo sa mga bihag, sa mga *non-combatant*, ganyan. Isa pa, nirerebyu ang tres-otso tsaka iba pang paninindigan ng NPA bilang tunay na hukbo ng mamamayan. Nag-aaral din kami ng mga pinakabagong isyu ng Silyab, Ang Bayan at iba pa para maunawaan din ang mga partikular at pangkabuuhan kalagayang iniiralan hindi

lang ng AOR kundi ng buong bansa hanggang sa buong daigdig pa nga. Kapag umaga, nandyan din ang mga balitaan para *updated* ang lahat. Sa ganyan, lalong tumataas ang pampulitikang kamulatan at kahandaan ng mga kasamang lumaban. Naiintindihan nilang ang ilulunsad na TO ay ambag natin sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Tapos syempre, sa usaping pisikal, may mga *dry run, exercise* – mental at pisikal. Pinatitimo sa atin ang mga taktika at prinsipyo ng pakikidigmang gerilya. Ilan dyan ang usapin ng inisyatiba, na dapat ikaw ang magtakda ng laban o kaya ay maipihit mo ang labanan tungo sa iyong bentahe.

Isa pa ang pleksibilidad o 'yung pagiging handa sa anumang *scenario*. At syempre, napakahalaga, ang usapin ng disiplina. Pagsunod sa mando at oryentasyon. Pagtiyak na ang lahat ng hakbang ay may pampulitikang ganansya at hindi lumalabag sa anumang prinsipyo ng Partido at Pulang Hukbo.

Nabanggit ninyo ang usapin ng pakikitungo sa mga non-combatant. Paano tinitiyak ang kaligtasan ng mga sibilyan sa mga taktikal na opensiba?

Pinakamataas na prayoridad natin sa lahat ng sandali ang masa – ang mga sibilyan. Sa lahat ng *scenario* ng TO – kung *Scenario A* hanggang D 'yan, lahat doon nakakunsidera ang kapakanan ng masa. Kasi 'di ba, kaya nga tayo nagrerebolusyon, nag-TO, para ipagtaggol ang interes nila at mapanagot ang mga yunit ng kaaway na marami nang utang na dugo sa kanila. Kaya, sa pagkuha ng target, tinitiyak natin na *zero casualty* 'yan sa mga sibilyan.

Halimbawa, doon sa isa naming TO. Kahit buo na ang plano, handa na ang lahat, hindi namin itinuloy ang pagbira sa target kasi may sumingit na mga sibilyan. Hinintay na lang naming bumalik uli ang target. Doon naman sa isa naming karanasan, mayroong tim na nakatoka sa pagharang kung saka-sakaling may dumaang mga sibilyan para hindi sila maka-*shoot* sa putukan. Kasabay na doon syempre ang pagpapaliwanag kung ano ba ang nangyayari. May pagkakataon din na liban sa mga tim na nakatokang pigilan ang masa makadiretso sa

“

Pinakamataas na prayoridad natin sa lahat ng sandali ang masa – ang mga sibilyan. Sa lahat ng *scenario* ng TO – kung *Scenario A* hanggang D 'yan, lahat doon nakakunsidera ang kapakanan ng masa.

kung saan may labanan, may mga dagdag pang paseguro halimbawa mga paskil na *NPA Ambush ongoing* o kaya kahoy na nakaharang muna sa daan para walang dumaan. Tinatangal na lang natin pagkatapos para hindi naman makaabala sa kanila.

Ang mga kaaway pati, ang tendensiya ng mga 'yan, mag-cover sa kung nasaan ang masa. Ginagawang *human shield* ang mga tao. Kaya masinsin na masinsin ang pagpapalano at pagpapatupad dapat. Kapag ganoong tinataya nating pwedeng gawin ng kaaway ang ganoon, ang ginagawa natin, hanggat kayang *ma-override* na ang target habang walang sibilyan daglian nating tinatapos. May karanasan din ako nyan eh. Nag-cover ang pulis sa kabahayan ng masa habang nagpapaputok, 'edi hindi na nag-counter ang mga kasama. Nagsikap na lang na makamaniobra na lang. Pinakamahalaga kasing walang maaksidente o madamay hanggat makakaya.

Paano naman ang mga sugatan o wala nang kakayahang lumaban na elemento ng kaaway?

Aw, ginagamot natin 'yan. Kahit sa gitna ng labanan, ginagamot natin 'yan. Nakahanda ang mga tim natin ng medik sa ganyang mga *scenario*. Mahigpit din nilang ipinatutupad ang rebolusyonaryong etika sa panggagamot. Kaya hindi natin pinababayaan ang mga *hors de combat* na nandyang. Tinitiyak natin ang kaligtasan nila. Kaya nga, nakakadurog ng puso kapag nabalitaan mong 'yung ilinigtas mo sa panahon ng labanan eh papatayin lang din ng mga kapwa nila pulis at militar. Ang sakit sa puso. Mga berdugo kasi talaga.

Halimbawa, doon sa isa naming TO, may sumuko nang dalawang kaaway. Ginamot natin sila agad. Nagkahirapan lang kasi syempre emosyonal sila at hindi mo naman maalis na natatakot silang baka patayin sila kasi nga ganoon man ang gawa nila kapag sila ang nang-aatake sa NPA. 'Edi tayo, umagap naman sa paliwanag. Sabi natin, gagamutin kayo, 'wag lang kayo masyadong gumalaw kasi hindi makabwelo ang medik. Sa proseso, nakausap natin sila at grabe ang pasalamat nilang binuhay pa sila

at linigtas pa nga kahit nagkakaputukan pa. Nangako silang hindi na babalik sa pagiging pulis. Kaso, pakalipas ng ilang araw, nabalitaan nating pinatay pala sila ng mga kapwa nila pulis din mismo.

Anong reaksiyon ng mga kasama nang malamang pinatay ang mga ginamot nilang sugatan?

Nagalit syempre. Talagang bulok ang kaaway! Sarili nilang tao, papatayin nila. Ganyan talaga katindi ang takot nila sa mga namumulat, eh.

Nasayangan din. Binuhay na kasi natin 'yun eh. Ang gusto man lang noong dalawang iyon eh magbagong-buhay na. Sa totoo lang, ibang klaseng sakripisyo rin 'yung pagbuhay sa kanila. Grabe ang pagkontrol ng mga kasama sa sarili nila noon. Emosyonal din ang mga kasama kasi ang yunit na tinarget, 'yun 'yung yunit na may kagagawan nung sunud-sunod na pagpatay at masaker sa lugar na 'yun eh. Walo lahat ang pinatay nila sa loob ng isang linggo. 'Edi syempre dahil rebolusyonaryo ka, kapag kaharap mo na 'yung tao, kahit lampas-ulo ang galit mo dahil sa mga krimen niya dapat paghawakan mo pa ring wala na siyang kakayahang lumaban. Ni kurot, ni kaunting sabihin na baka matakot siya, hindi pwede.

Pero ang ginawa ng mga kasama, binigyang-direksyon ang galit. Tinalakay natin sa *political forum* 'yang usaping 'yan. Ilininaw natin sa mga elemento ang nangyari at pinaliwanagang bagamat ganoon, syempre, kapag naka-engkwentro natin ang mga salarin, may mga TO o labanan, dapat isaisip at isapraktika pa rin ang disiplinang bakal. Dagdag konsolidasyon din sa pwersa natin.

Tuluy-tuloy ba ang pampulitikang konsolidasyon kahit matapos ang TO?

Oo naman. Ngayon nga, sinisikap nating isapraktika na ang mga lagom ay may kakabit na mga kulturang pagtatanghal na maaaring daluhan ng masa. Liban sa pagkilala ng kanilang bahagi sa tagumpay ng TO, para maunawaan din nila ang nangyari at makuha rin ng mga kasama ang kanilang mga mensahe. Nakakataba ng puso kasi marami sa masa, syempre, nagpapasalamat

“

Dahil

rebolusyonaryo ka,

kapag kaharap mo na 'yung tao, kahit lampas-ulo ang galit mo dahil sa mga krimen niya dapat paghawakan mo pa ring wala na siyang kakayahang lumaban.

Ni kurot, ni kaunting sabihin na baka matakot siya, hindi pwede.



na napagbayad na sa mga krimen nila ang mga berdugo. Doble-dobleng pag-iingat lang syempre sa paglulunsad ng mga ganyang aktibidad laluna kung pahupa pa lang ang mga *follow-up operations*.

Sa mga lagom din nagaganap 'yung *debriefing* sa mga kasama. Hinihingi ang kanilang mga palagay, kanilang disposisyon, kung kumusta sila. Doon din natitiyak ang kanilang *morale*, ang kanilang kapasyahan at kahandaang lumaban. Araw-araw din tinutuloy ang mga *briefing* para doon mapag-usapan ang mga karaniwang aktibidad ng mga kasama. Pero, minsan, hindi maiwasang may mga kasama talagang hindi

agad-agad naaalisan ang tensyon at takot mula sa labanan. Kapag ganyan, nag-aayos tayo ng mga sesyon ng *counseling*. Ang nagpapatupad niyan ay ang mga *political officer* at giyang pampulitika ng mga platun at iskwad.

'Yang mga praktika nating 'yan sa ngayon, pinapaunlad pa natin. Sa pagtaas ng antas ng ating digmang bayan, dapat sumasabay din ang pagtaas ng ating kaalaman sa syensya at sining ng pakikidigma. Ang pinakamahalaga, sa lahat ng oras, sa TO man o sa iba pang gawain, ang interes at kapakanan ng lahat ng uring inaapi at pinagsasamantalahan ang ating tangan sa ating puso, isip at gawa. ■

Ka Pol

Makataong pagtrato sa mga bihag ng digma

Kinapanayam si Ka Pol ng BHB – Camarines Sur, isa sa mga kasamang naglunsad ng ambus laban sa tropa ng 42nd IBPA, Striker's Unit sa Tinambac noong 2004. Liban sa mga nasamsam na armas, nagresulta ang naturan sa pagkakabihag nina Lt. Ronaldo Fidelino at PFC Ronel Nemenio. Kabilang din si Ka Pol sa custodial unit na nangalaga sa dalawang bihag ng digma.

Pagbati Ka Pol! Isa sa mga hindi malilimutang taktikal na opensibang ilinunsad ng BHB sa rehiyon ay ang matagumpay na ambus laban sa striker's unit ng 42nd IBPA sa bayan ng Tinambac noong taong 2004. Maaari ninyo po bang ibahagi ang layunin ng naturang ambus?

Taong 2004, nagplano ang mga kasama ng isang ambus sa bahaging Tinambac. Partikular na pampulitikang layunin ng naturang ambus ay ang pagpapanagot sa notoryus na 42nd IBPA partikular ang *striker's unit* nito sa pamumuno ni Lt. Fidelino sa mga kaso nito ng pandarahas at paglabag sa karapatang tao sa mga mamamayan ng Camarines Sur. Bantog ang naturang batalyon at yunit bilang masugid na tagapagpatupad ng madugong Oplan Bantay Laya ng dating rehimeng Gloria Macapagal Arroyo. Sa katunayan, ilang dekada na makalipas,

hinding-hindi makalimutan ng mga masa sa Camarines Sur ang mga naging krimen nina Lt. Fidelino.

Apat na araw at apat na gabing nasa pusisyon ang mga kasama bago dumaan ang target. Dumaan silang nakasakay sa isang *elf truck*, 12:30 ng madaling araw. Nagkaroon ng dalawang bugso ang naturang ambus. Sa unang bugso ng asolt ng kasama, kagyat na nasamsam ang isang M203. Nagkahiwa-hiwalay ang mga elemento ng kaaway.

Patuloy na nag-asolt ang kasama. Sa pagsusuri ng mga kasama, tiyak na hindi pa lubusang makalalayo ang tropa nina Lt. Fidelino. Nagmando ang CO na tumigil muna sa pag-*clearing*. Nag-usap ang mga kasama para sa pagpihit ng plano batay sa bagong kalagayan.

Idinisenyo agad ang mga dagdag na detalye sa plano para muling i-asolt ang mga nagtatagong kaaway.

Alas-kwatro ng madaling araw, nagsimula ang ikalawang bugso ng asolt at sa proseso'y nasirkulo ang dalawang elemento ng kaaway. Nang matantyang wala nang kapasidad lumaban ang dalawang militar, nagmando ang CO sa asolt tim na huwag nang putukan at sa halip ay kumbinsihin na mag-*hands up*. Pinakiusapan ng kasama ang dalawang militar na kapag sumuko na ay 'wag nang gumawa ng anumang masamang hakbangin. Pinayapa rin ang dalawang mabubuhay naman sila at hindi sasaktan ng NPA.

Ano ang bitbit nilang armas noon?

M14 na Diamond kay Nemenio, Baby M203 kay Fidelino. Dinisarmahan sila ng mga kasama tapos pinadapa. Kagyat na kinausap ng kumand ang mga platun lider na *i-relax* ang isip ng dalawang bihag laluna't nasa gitna pa ng labanan. Ayaw nating ma-*trauma* sila o matakot sa atin. Bilang idineklarang bihag, inalam ng mga kasama ang kanilang mga pagkatao kabilang na ang kanilang ranggo. Si Fidelino, *lieutenant* ng 42nd IBPA, Striker. Si Nemenio naman, *private first class*.

Sa panahon ng paglalakad ng mga kasama, mayroong nakatalagang tim na magbabantay sa dalawa. Ipinaloob sila sa magkaibang iskwad.

Nasugatan ba sila?

Walang sugat ang dalawa kaya hindi kinailangan ang *first aid*. Pero mayroong interbensiyong mental para mapakalma ang kanilang mga kalooban. Pagkatapos silang kausapin nang mahinahon at paliwanagan ng kanilang kalagayan, binibigyan sila ng pagkain. 'Pag nagpapahinga, kasabay din sila sa *budget* ng mga kasama ng miryenda.

'Yan 'yung sa umpisa. Nang tumatagal na ang maniobra ng mga kasama ng ilang linggo, nagkakaubusan na ng suplay. Sa badyetan, mas malaki ang *budget* ng dalawang POW kaysa sa regular na *budget* ng mga kasama.

Ano po ang kahulugan niyan?

Tinitiyak nating hindi sila nagugutom. Ang kasama kasi may *standard* na *budget* 'yan. 'Yung sasapat lang sa atin. Mulat tayong sumusunod dyan. Pero para sa kanila, nag-*adjust* tayo bilang bahagi ng pag-aalaga sa kanila. May kaunting kunsiderasyon, halimbawa, kung kaunti na lang ang kanin o ulam ay sila (mga bihag) ang unang bibigyan. Naiintindihan naman ng mga kasama iyon. Pinaliwanag sa kanila.

Sa panahong walang-wala na ang kasama, mayroon pa namang natitirang *emergency supply* na hindi pa nakokonsumo. 'Yung mga kasama hindi na muna kakain pero para hindi magutom ang POW, tiniyak na mayroong silang *supply*. Kahit wala nang *supply* ang mga kasama, ang POW mayroon pa rin. Mas *priority* ang dalawa. 'Yan ang pag-alaga sa kanila.

Habang tumatagal, dalawang araw na walang kain ang mga kasama, sila mayroon. Kahit *noodles* man lang at Skyflakes, mayroon sila. Hindi sila pinabayaan. Sa kanila lang 'yun nakalaan.

Sa maniobrahan, nagkasakit si Fidelino. Nagkaroon ng pigsa. Nahirapan siyang maglakad kaya inalalayan ng mga kasama. Inayos ng kumand ang *first aid* at kagyat na inalis ang pigsa kasi nasa loob at itim na itim. Nabigyan siya ng gamot. Hindi nagtagal, naghilom. 'Yan 'yung ginawa ng mga kasama sa pag-aalaga sa kanila. Kaya napanatag naman ang loob nila.

Ano ang sabi nina Fidelino?

Salamat aniya kasama, at napakamaalagain ninyo sa mga maysakit - sa mga tulad namin. Kahit nagugutom kayo, inaalalayan ninyo kami para hindi mahirapan. Nandyang 'yung pag-alaga ninyo sa amin. Kaya salamat sa inyo.

Naka-*relax* na sila noong panahong iyon.

Paglaon, nakapag-istable naman kami ng base. Pero sa panahong makilos ang kaaway, kinailangan ding maging makilos ng mga kasama. Pero kahit ganoon, ipinapatupad ang karapatan nila bilang bihag. Nakiusap silang 'pag nagkaroon ng labanan, huwag silang iiwan kasi papatayin sila ng mga sundalo. Pakiusap 'yan ni Fidelino. Kaya ang paliwanag ng kasama, buhay ka man

“

Salamat aniya mga kasama, at napakamaalagain ninyo sa mga maysakit - sa mga tulad namin. Kahit nagugutom kayo, inaalalayan ninyo kami para hindi mahirapan.

Nandyang 'yung pag-alaga ninyo sa amin.

Kaya salamat sa inyo.

o patay, hindi ka namin iiwan. Basta sumunod kayo sa oryentasyon ng mga kasama para hindi kayo mapahamak.

'Yung binanggit nina Fidelino na papatayin sila ng kasamahan nilang sundalo, ano ang ibig nilang sabihin? Protokol ba raw nila iyon?

Sabi niya, papatayin lang din sila ng kasamahan nila kapag naabutan sila. Mayroon siguro silang usapan na silang mga upisyal lang ang nakakaalam. Ganyan katindi ang kahandalan o takot nila sa kanilang kasamahan. Kaya ganyan ang pakiusap nila. 'Edi tumindig tayong buhay o patay, hindi iiwan anuman ang mangyari.

Hanggang sa humupa na ang *division operations*. Sa base, nag-ayos na. Nagtagal kami ng halos mag-iisang buwan. *Okay* naman ang mga POW. Sapat ang ibinibigay na atensyon tsaka mahinahon at maayos ang pag-imbetiga sa kanila. May binuong tim para sa pagbabantay sa dalawa. May oryentasyon ang tim na iyon kung ano ang gagawin sa pagbabantay.

Ilan sa bahagi ng oryentasyon ang kaayusan sa pag-CR, pagpapakain, pagpapaligo. 'Yan 'yung pinaghati-hatian ng kasama sa panahong *naka-duty* sila. 'Yan ang responsibilidad. Magdamag din 'yang mayroong taliba.

Para ma-*relax* ang mga POW, nagkaroon din ng mga libangan tulad ng *chess* at *dama*. Mahilig sa *chess* si Fidelino. 'Yung mga kasamang hindi marunong tinuturuan din niya.

"Ganito ang moves nito," aniya.

Sa kanya nga ako natuto mag-*chess*, eh. Hindi iba ang pakikitungo sa kanila kahit POW sila. Parang relasyon na ng magkakasama ang umiiral sa loob. Hinahayaan natin silang magkwento. Pinapakinggan lang natin. Hindi natin dinedebate pero nagpapaliwanag din tayo.

Liban sa pagtitiyak sa kanilang karapatang pang-ekonomya at kalusugan, ano pa ang inyong mga ginawa?

Konsolidasyon sa pulitika. Para maunawaan nila ang ugat ng digmang bayan at maintindihan nila ang ating kalagayan sa lipunan. May mga kasamang binigyan ng responsibilidad para sa pagbibigay ng pag-aaral gaya ng pagtalakay

sa Silyab, iba pang ispesyal na kurso hinggil sa digmang bayan, mga paninindigan ng Partido at iba pa.

'Yung isa sa kanila, nahatak natin sa usaping pulitika sa pamamagitan ng mga rebolusyonaryong awitin. Pinakinig natin. Tuwang-tuwa.

"Tama ang mga kantang ito," aniya.

Nariyan din ang pagtitiyak ng kanilang demokrasya. Una, tinugunan natin ang kanilang mungkahing regular na makaugnay sa pamilya. Tiniyak ito sa pamamaraang pagliham at *tape recorder*. Malaya rin silang makipagtalakayan sa mga isyu at kalagayan ng lipunan.

Partikular na tumampok sa akin sa usapin ng demokrasya ay ang proseso ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili.

May laya ang dalawang bihag na magbigay ng kanilang obserbasyon sa manera ng pagtataliba't pagtataguyod ng mga kasama. Sa kabilang banda, ang mga kasama ay nagpapaabot din ng kanilang mga kahinaan o kakapusan sa pagtataguyod sa dalawang bihag.

Kaya 'yang POW na 'yan, nasa atin ang kanyang isip at puso dahil nagsasabi siyang nararamdaman niyang totoo sa loob ang pinapakita natin sa kanya at ang mga prinsipyong dala natin. Hindi niya raw nakita sa militar 'yung ganoong relasyon. Nakikita niya raw sa kilusan na talagang higit pa sa magkakapatid ang relasyon bilang magkasama. Nagkakaisa dahil sa pare-parehas na hangarin. Pare-parehas pobre. Kaya naniniwala na raw siya sa pagsusulong ng rebolusyon.

May pagkakataong ako mismo ang nakasaksi kung paanong napapalapit na talaga ang loob nung isa sa mga kasama. Minsan naiwan ko sa kubo ang baril kong may pasulong at *ammo pouch*. Pitong metro ang layo ko mula sa kubo. Nakalimutan ko ang baril ko. Wala siyang posas. Tinawag niya ako at pinaalalahanan.

"Kasama, naiwan mo 'yung baril mo."

'Yung isa naman, nagtangkang mang-saywar ng mga kasama para makatakas. Isang beses, inalok niya ang isang kasama na tulungan siya tumakas at makaalis sa kampo. Bibigyan daw niya ng trabaho.

“

Nakalimutan
ko ang baril ko. Wala
siyang posas. Tinawag niya
ako at pinaalalahanan.

***“Kasama, naiwan
mo 'yung baril
mo.”***

Ano ang tugon ng mga kasama?

Mahigpit ang hawak natin sa mulat na disiplina, eh. Kaya kagyat na iniulat iyan ng kasamang kinausap ng POW. Naghigpit tayo sa pagbabantay doon sa isang iyon at napagkasunduan ding ang magbabantay na ay iyong mayroong relatibong abanteng karanasan sa ganoong mga proseso para anuman ang mangyari ay kagyat na maharap. Pero, pagkatapos noon, 'di na niya uli sinubukang tumakas. Pinadalas din kasi natin ang mga pampulitikang pag-aaral at talakayan para mamulat sila. Sila mismo sa sarili nila, hindi na nagtangkang tumakas o anupaman.

Paano ang proseso ng pagpapalaya sa kanila?

Nagkaroon ng mga negosasyon para rito. Sa unang beses, hindi sumunod ang kaaway sa napag-usapang tigil-putukan at tigil-operasyon muna ang parehong panig.

Sa pangalawang usapan, natuloy na ang pag-*release*. Ang sabi sa usapan sa pagitan ng NDFP at GRP, walang papasok na armadong pwersa ng gubyrerno sa buong rehiyong Bikol. Walang operasyong magaganap para mai-*release* nang maayos ang dalawang POW.

Bago sila i-release, ano ang mensahe ng dalawang bihag?

Ang mensahe ng mga POW, lubos daw nilang pinasasalamatang ang mga kasama. Partikular 'yung pagtrato sa kanila bilang POW nang sumusunod sa mga pandaigdigang pinagkasunduang *protocol*. Hanga raw sila paano napakahusay na sinunod ng mga kasama ang mga *protocol* sa digma at pinangalagaan ang kanilang mga karapatan kahit nabihag sila. Wala silang naramdamang anumang paglabag. Huwaran anila ang mga kasama.

Tumimo talaga sa kanila 'yung usapin ng pagkain. 'Yung panahong walang-wala na ang kasama, sila mayroon pa. Parang nadurog ang puso nila sa ganoon. Tumatak sa kanila 'yun. Wala na tayong lakas, wala nang kinakain, sila mayroon. Nagsasabi nga sila, bakit kayo wala,

kami lang ang mayroon? Sabi naman natin, 'yan na lang kasi ang natitira at para sa inyo talaga 'yan. Doon lumambot ang kanilang loob kasi doon pa lang nakikita nila kung gaano kabuti ang pagtrato sa kanila.

'Yung isa sa kanila, umiiyak ng panahong i-*rerelease* na.

"Mukhang huli na nating pagkikita-kita ito, kasama," aniya.

May monitor ba kayo sa reaksiyon ng pamilya?

Umpisa pa lang naman, tinutugunan natin ang mungkahi nilang maka-ugnay sa kani-kanilang mga pamilya. Tinugunan sa pamamaraan ng pagpapadala ng sulat at pag-*record* ng kanilang mga mensahe. Anumang sabihin nila, *okay* lang. Wala tayong pagrenda sa anumang mensahe nila para sa kanilang pamilya. 'Yan 'yung pagbigay natin sa kanila ng karapatan bilang bihag.

Naging panatag ang mga pamilya nila dahil alam nilang nagsasabi tayong nasa mabuting kalagayan ang dalawa at i-*rerelease* natin sila sa panahong tinakda.

Anong naging aral sa inyo ng karanasan?

Una 'yung napatunayan natin sa praktika kung paano ang makatarungan at makataong pagtrato sa bihag. Nasa dokumento ang mga alituntunin pero dagdag konsolidasyon para sa aming lahat na naroon na makita iyon sa aktwal. Hindi lang puro salita ang NPA.

Isa pa, 'yung nakita at napatunayan nating superyor talaga ang ating pulitika. Dala-dala kasi natin ang interes ng masa kaya kahit ano pang paninira sa atin lilitaw at lilitaw ang katotohanang tayo ang tunay na nagsisilbi sa masa. Kahit ang mga POW natin kayang magpatotoo na ang nasa puso at isip ng mga kasama sa lahat ng oras ay ang kapakanan at interes ng nakararami. Para sa mga kasama, ang sarap sa pakiramdam at nakakadagdag ng lakas ng loob na lumaban na alam mong makatwiran ang ipinaglalaman mo. ■

“
Kahit ang mga
POW natin kayang
magpatotoo na
**ang nasa puso at
isip ng mga kasama
sa lahat ng oras ay
ang kapakanan
at interes ng
nakararami.**



Ka Aldo

Pagpapakahusay sa pakikidigmang gerilya, pagpapataas ng antas ng paglilingkod sa sambayanan

Ito ay panayam kay Ka Aldo, isang pulang kumander ng BHB-Bikol, tungkol sa kanyang mga karanasan sa pakikidigmang gerilya. Unang ipinasa ang panayam na ito sa Ang Bayan.

Anong armas ang dala mo? Ano ang halaga nito sa iyo?

M16. Katumbas ito ng buhay at kamatayan. Dito nakasalalay ang buhay at paglaya ko at ng sambayanang matagal nang inaapi at pinagsasamantalahan.

Saan mo ito nakuha? Saan nakukuha ng mga gerilya ang kanilang mga armas?

Mula ito (M16) sa isang taktikal na opensiba ng mga kasama kung saan nakasamsam ng ilang mga armas. Kalakhan ng mga baril at iba pang gamit militar ng Pulang hukbo ay nanggagaling sa mga taktikal na opensiba, aksyong pamamarusa at kumpiskasyon laban sa mga elemento at grupong may malulubhang krimen sa mamamayan. Mayroon din tayong nakakalap mula sa mga donasyon ng mga kaibigan ng rebolusyon. Sa mga bala, malimit na nagmumula iyan sa ating mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Bahagi iyan ng kanilang pag-aambag at pagsuporta sa armadong pakikibaka.

Ano ang iyong pusisyon sa BHB? May ibang pusisyon ka bang nais hawakan?

Ang trabaho ko sa hukbo ay Commanding Officer. Gumagampan sa trabaho sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Tinitiyak ko ang pangkabuuhanang sitwasyon at seguridad nang maisulong ang mga kinakailangang ilarga na gawain. Sa usapin naman ng mga trabaho at pusisyon, sa kabuuhan inabot ko 'yung ganitong kung ano ang itinalaga sa akin ay doon ako pumopokus. Wala naman akong trabahong tinatanggihan, eh.

Nagamit mo na ba ang iyong armas? Ano ang iyong karanasan sa mga labanan?

Minsan (*tumawa*). May karanasan na ako sa opensiba at dependsiba. Sa opensiba, ang hindi

ko malilimutang karanasan ay 'yung parating na 'yung kaaway tapos kino-*coordinate* ko 'yung *lookout* na nagsasabing nandyan na ang target. 'Yung baril ko, linagay ko sa may puno ng niyog pero dahil gabi 'yun, tutok na tutok ako doon (sa pakikipag-usap sa *lookout*), nang marinig ko na ang tagaktak ng mga *combat boots* hinahanap ko ang baril ko – hindi ko na mahagilap (*tumawa*). Sa *ending* naman, nakuha ko ang baril at tagumpay ang TO na ito. Nakasamsam kami ng isang K3 *machine gun* at tatlong M16. Sa isang *full squad* na kaaway, lahat sugatan. 'Yung iba namatay kasama 'yung isang upisyal - *lieutenant*.

Ang natutunan ko doon, sa anumang oras at sitwasyon, dapat naka-*sling* ang baril. Laluna sa mga panahong may tiyak na labanan. Kasi kung anuman ang mangyari sa iyo, siguradong hindi mapapaano ang baril mo. May panlaban ka.

Sa TO na ito pala, liban sa mga modernong baril, gumamit kami ng mga makalumang pamamaraan sang-ayon sa panawagan ng Partido at pangkabuuhanang etratehiya ng pakikidigmang gerilya. Batay sa partikular na kalagayan ng lugar, napagdesisyunan naming maglagay ng mga *sudyang* sa isang bahaging malamang na maniobrahan ng mga tatakas na kaaway.

Sa dependsiba, may dalawang karanasan akong hindi ko malimutan. 'Yung parehong nakita ko ang kaaway – 'yung isa pinapalapit pa ako ng kaaway.

'Yung una, nasa ilang metro lang ang kaaway... halos katabi na niya ako. Nagpapasignal (ng *cellphone*) ako noon. 'Yung ka-*buddy* ko nakatanaw sa mga kasama. Ako naman, nakarinig ako nang parang may gumalaw, paglingon ko tsaka ko nakita ko 'yung kaaway na nakaporma na at sina-*sight* din ang mga kasama sa baba. Tapos naulatan ko pa rin 'yung ka-*buddy*

ko. Pagka-ulat ko, dahan-dahan nang pinuntirya ng kasama 'yung kaaway. Ang problema, hindi niya pa pinuputukan. Kaya sabi ko, "*lakas-loob na lang. Baka may mabaril na kasama doon sa baba.*"

Sumigaw ako, "*may kaaway,*" sabay *rolling* hanggang makarating ako sa may base. Pagtayo ko, natumba uli ako. Naliyo ako kaka-*rolling* (*tumawa*).

'Yung isa naming dependsiba, may tinatrabaho rin ako sa mataas na bahaging inaalertuhan namin. Sakto naman, doon din lumitaw 'yung kaaway. Eh, may kamukha siyang isang kasama. Dahil ang nakikita ko pa lang ay 'yung hanggang dibdib, ang nasa isip ko noon 'yung kasama naglantad sa bahaging vulnerable. 'Edi nagkatinginan kami. Pinapaypay niya ako at pinapalapit sa kanya. Sa isip ko, kaaway na ito. *Ceasefire* 'nung panahon na iyon! Ang pinag-iisipan ko, dapat mabilis akong makapagpaabot kasi hindi ko alam kung nasaan pa ang kasamahan noong nakita ko baka may mapahamak na kasama.

Sa unang paypay, tiningnan kong maigi (ang kaaway). Sa ikalawang paypay, nakipag-*sign language* na ako. Tinatanong ko kung ako ang tinatawag niya. Um-oo naman. Kaya ang ginawa ko, kinuha ko ang gamit ko tapos sumigaw na ako habang nagtatiger-*jump*. O 'edi putukan na naman (*tumawa*).

Pagdating ko doon sa base, 'yung ilang mga kasamang walang baril hinarangan ko sa may pintuan. Sabi ko, "*ang mga baril ninyo, kunin. Balik! Balik!*"

Paglabas nilang lahat, ako naman ngayon ang hindi makapasok para kunin ang natitira kong gamit kasi makapal na ang putok. Kinoberan naman ako tapos nakuha ko na ang gamit ko. 'Yun. 'Yun ang 'di ko malilimutan (*tumawa*).

Bakit kailangan ng armas? Hindi ba maaaring lumaban nang mapayapa?

Kailangan natin ng armas dahil may nagaganap na digmang bayan. Sa pagitan ito ng mga naghaharing-uri, reaksyunaryong estado na pangunahing instrumento ng panunupil ng naghaharing uri at ng sambayanang inaapi

at pinagsasamantalahan. Ang armadong pakikibaka ay resulta rin naman ng karahasan at pagsasamantala – itinutulak ang mamamayan na mag-armas at ipagtanggol ang kanilang sarili mula sa estado at naghaharing-uring nagsasamantala sa kanila. Ang kanilang tanging paraan para magkaroon ng pwersa at makapagtayo ng sariling estadong magsisilbi sa kanila ay sa pamamagitan ng paglulunsad ng digmang bayan. Kaya, 'yun, naglulunsad tayo ng marahas na digmang bayan upang mapawi ang karahasan. Sagutin ang karahasan ng makatarungang karahasan.

Ngayon, kailangan ang karahasan dahil hindi na uubra ang malumanay na pamamaraan sa pagresolba ng tunggalian sa uri. Sa Pilipinas kasi mahaba na ang kasaysayan ng pakikibaka ng mamamayan, eh. Sa umpisa pa lamang, dumaan naman sa mga protesta, ligal na pagkilos – kahit nga ang Partido Komunista dati nagsimulang ligal. Kaso dinaan sa karahasan ang mamamayan. Ipinagbawal ang mga ganoong pagkilos at pinigilan ang karapatan ng mamamayan. Idineklarang ilegal – 'yung iba hinuli, 'yung iba idinistyero, 'yung iba naman pinaslang. Kaya, wala naman nang ibang pamamaraan ang mamamayan kundi ang humawak ng armas, ipagtagumpay ang kanilang makatwirang digma at itayo ang isang panibagong estado.

Paano nagtatagumpay ang NPA, na relatibong mas maliit kaysa sa AFP, isang regular na sandatahang pwersa?

Ang pagtiyak ng panalo ng NPA, una sa lahat, ay sa kahandaang lumaban. Dapat nakahanda ang lahat ng elemento sa usaping pisikal, mental at higit sa lahat, sa larangang pulitikal. Hindi pwedeng kumander lang ang handa. Hindi rin pwedeng tropa lang ang nakahanda.

Sa tauhan, dapat nakapokus silang lumaban sa kahit na anong uri ng labanan. Kaya alam ng lahat na gagawin nila ang lahat nang makakaya upang matiyak ang pagkapanalo. Kahit sa mga pagkakataong mayroong mga hindi inaasahang pangyayari, puhunan ng mga kasama ang kanilang kahandaang lumaban.

“
Ang armadong pakikibaka ay resulta rin naman ng karahasan at pagsasamantala – **itinutulak ang mamamayan na mag-armas at ipagtanggol ang kanilang sarili mula sa estado at naghaharing-uring nagsasamantala sa kanila.**”

Pinapanday ang kahandaang lumaban sa araw-araw na pagkilos. Sa pamamagitan ng mga pampulitikang pag-aaral, talakayan, mahigpit na pagkakaisa, mga pagtatasa at pagpupuna at pagpupuna sa sarili. Napapanday ang mahigpit na pagkakaisa ng mga kasama kaya nabubuo rin ang kapasyahang lumaban.

Ang papel ng kumander dyan, wala pa sa aktwal na labanan, dapat ang araw-araw na gawain ay nasa tunguhing ihanda ang tropa sa anumang pangyayari. Kaya kailangan naihahanda sa iba't ibang sitwasyon ang mga kasama.

Isang halimbawa nyan ang paghahanda ng mga *defense plan* na mahalagang tandaan ng mga kasama.

Tapos dapat nakahanda rin ang mga kagamitan at iba pang mga aspeto na kakailanganin sa labanan. Kasi dyan nakasalalay din ang kakayahan ng isang yunit na lumaban. Kapag nagkaaberya ang mga baril at iba pang kagamitan, medyo malaking problema 'yun. Kaya kailangan tiyakin din 'yun.

Totoong mas maliit ang NPA kaysa sa AFP dahil sa umpisa pa lamang institusyon na sila. Eh ang Pulang Hukbo, nagsimula pa lamang siya noong 1969, pero may mga pamamaraan dyan. Kaya nandyan ang mga taktikang gerilya. Halimbawa, pumipili tayo ng mga target na mahihina o nahihawalay.

Tsaka habang tumatagal at umuunlad ang rebolusyon, nakapagregkluta tayo ng mas maraming kasaping naglulunsad ng armadong pakikibaka. Kaya lumalaki ang pwersa natin. Isa pa, lumalawak ang baseng masang sumusuporta sa atin dahil nga sa pagiging makatarungan ng rebolusyon. Kaya sila, nagsisikap din sila, na palakasin ang armadong pakikibaka. Kasi nga ang diwa ng digmang bayan ay digma ng mamamayan para maipagtanggol ang sarili at mawakasan ang pang-aapi at pagsasamantala sa kanila. Sa anumang labanan, hindi makapapanalo ang isang panig kung wala ang suporta ng mamamayan.

Maaari ka bang magbigay ng ilang halimbawa ng taktikang gerilya? Mayroon bang mga mapanlikha o makabagong taktikang gerilya?

Isang taktikang gerilya ay iyang papasukin sa kaloob-looban ang kaaway. Ang ibig sabihin nyan, tayo ang magtatakda ng labanan. Aakitin natin ang kaaway sa kung nasaan ang ating pwersa, kung saan tiyak ang ating tagumpay batay kapwa sa *physical* at *social terrain*. Ang *physical terrain* 'yung lugar. 'Yung *social terrain* naman 'yung kapal ng ating baseng masa at mga organisadong pwersa.

Ang isa pang taktikang gerilya ay iyang pagpapasuntok ng kaaway sa hangin habang naghahanda namang birahin ang pinakamahina niyang kawing.

Isa pa ang surpresang atake. Ibig sabihin nyan ay 'yung hindi inaasahan ng kaaway ang atake mo. Maaaring sa kanyang balwarte o sa panahong hindi niya inaasahan. Napapanatili ang surpresa sa pamamagitan ng mahigpit na paghawak sa disiplina.

Nagiging mapanlikha ang BHB sa pag-angkop sa panahon at pagpapaunlad ng mga taktikang gerilya batay sa pangangailangan. Halimbawa, sang-ayon sa prinsipyo nang pagiging makilos at pagpapasuntok ng kaaway sa hangin, nagsasagawa tayo ng mga paraan upang maiwasan ang pagmamanman ng kaaway – sa *ground force* man o sa pamamagitan ng mga makabagong armas gaya ng *drone*. Isa pa, 'yung kung paano natin hinaharap ang mga kampanyang kontra-insurhensyang mayroong kani-kanilang partikular na katangian at kabangisan. Ginagamit natin ang mga prinsipyo ng paglipat, pagkalat at konsentrasyon ng pwersa nang mayroong ilang *adjustments* at pag-angkop batay sa obhetibong kalagayan. ■

“

Napapanday ang mahigpit na pagkakaisa ng mga kasama kaya nabubuo rin ang kapasyahang lumaban.